



**Sofibats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

**ANG TARIQA AY NAGTUTURO NG MAGANDANG ASAL**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullahi wa Barakatuh.*

*Authu Billabi Minash-shaytanir Rajeem,*

*Bismillahir Rahmanir Rabeem.*

*Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi Rasulallah, Madad Ya Mashayikhina,  
Shaykh Abdullah Dagbestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.*

*Abu Ayyub al-Ansari. Madad.*

*Tariqatunas sobba, wal khayru fil jam'iyya.*

Ang pagiging marespeto sa awliya, sa mga Ulama at sa mga magulang ang tinuturo sa Tariqa. "At-Tariqatu kulluha adab." Ang tariqa ay binubuo ng magandang asal. Walang magandang asal kung walang tariqa. Karamihan sa mga muslim ngayon ay wala ng magandang asal. Maganda ang pagiging masunurin at magandang asal sa mga mgaulang pero ngayon wala ng kagandahang asal dahil di na sila sumusunod sa tariqa. Ang tariqa ay nagututuro ng kagandahang asal.

Dito sa Anatoia, ang mga tariqa ay pinagbawala. Nung mawala ang Ottomans napuno na ng demonyo ang lugar na ito. Ang Tariqa ay pinagbawal din sa ilang muslim na bansa. Mayroon din na ibang bansa ang masama ang tingin sa tariqa. Sabi nila kapag nagpakita ka ng magandang asal at respeto ay masama ka daw. Ganito ang pagkagalit nila sa Tariqa. Sinusundan nila ang shaytan. Akala nila na dasal at pag-ayuno lang ang kailangan sa Islam. Mahalaga ang matutuo ng kagandahan asal. Tinuruan ng magandang asal ang Banal Propeta Muhammad alayhis salatu was salam at kanya naman ito naituro sa mga Sahaba. Ang mga Sahaba naman ang nagturo sa mga Ulama at Awliya. Ito ang daan niya.

May mga zawiyas na ipinasara na dahil nawala na ang mga Shaykhs at Ulama. Ang mga natira na lang ay mga masasamang loob. May ilan din ang mga sumusunod sa kanila at nadadala sa kasamaan. Pasalamatang mo ang Allah sa pagkakaroon ng mga Awliya. Pasalamatang mo ang Allah na ang Anatolia ay puno ng Awliya at Sahaba. May libingan dito ng Hadrat [Abu] Ayyub al-Ansari(ra), may mga Awliya din katulad nina Merkez Efendi, Sumbul Efendi, Yahya Efendi, Hadrat Aziz Mahmud Hudayi, Hadrat Mustafa Devati, Hadrat Jamaladdin Ghumuqi. Puno din ang Istanbul at labas niya ng Awliya. May libingan nina Haji Bayram Wali sa Ankara, Hadrat Khayraddin Tokadi, Ashab ul-Kahf, Uways al-Qarani, at iba pang Kaibigan ng Allah. Dun namansa Konyo ang libingan ng Mawlana [Rumi] at Hadrat Shams-e Tabrizi. Silay parang karagatan na puno ng banal na kaalaman at karamah.



**Sofibats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

Si Hadrat Mawlana Rumi ay malaking biyaya sa ating lahat. Ang kanyang Mathnawi Sharif ay ating binasa sa unang Khlawah pati ang ikalawang libro nito. Pataasin nawa ng Allah ang kanyang istasyon. Minsan itong Mathnawi ay kinukwento ni Shaykh Nazim(qs). Itong libro ay isang karagatan. Gusto din ito ng mga taga-europa. Dahil dito sa Mathnawi pinaliwanag ni Mawlana Rumi(qs) ang mga kaalaman ng sikolohiya, sosyolohiya at iba pa. Ito’y nagdulot ng grabeng epekto sa atin.

Marami pang libro pagkatapos nun pero ang librong iyon ay mula sa karunungan ng Allah dahil sa lakas nito. Ito’y sinulat noong 700-800 daang taon May mga tao ding sinisiraan si Mawlana Rumi. Ayon pa nga sa isang kasabihan ng Turko, “Ang araw ay di madudumihan ng putik” Pasalamatn mo Allah na kung sino ang magsasalita ay makakasalita. Sumisinang pa rin si Mawlana Rumi(qs).

Walang makakaapekto kay Hadrat Mawlana Rumi(qs) dahil kahit ang mga tao sa oras niya ay di siya naintindihan. May mga nakakaintindi at hindi. May mga sumusunod din sa kanya ng may masamang layunin. Sila’y di nagdadasal o nagduduwaa. Hindi yun tatanggapin ni Mawlana.

Nagbigay si Mawlana ng napakagandang paliwanag, halimbawa at mga kwento. Kahit ang mga nahihirapan umintindi ay nakakaintindi din dahil dun. May mga Ulama din na nagpapaliwanag ng kanyang gawain. Ang lolo ni Shaykh Nazim(qs) ay Nazim din ang pangalan at huling Mawlawi Shaykh sa Cyprus. Siya si Kaytazzade Mehmet Nazim Efendi . Ang Cyprus ay pinamunuon ng Britain.

Pinag-usapan natin si Mawlana, si Kaytazzade Mehmet Nazim Efendi ang kanyang lolo. Pag sinabi nating Mawlawi, ang pag-ikot na sayaw ang dumarating sa Isipan. Dapat basahin niyo muna ang kanyang libro. Ito’y luma man pero kaya paring intindihin. May mga libro din ngayon na di maiintindihan.

Basahin mo na lang ang Qur’an pag di ka makaintindi. Basahin mo ang Qur’an, ang Dalail Khayrat at ika’y magtasbih. Mawawalan ng saysay ang pagbasa ng isang libro na di mo maintindihan. Masasayangan ka lang ng oras. Ang Mawlawiyya ay isang tariqa din. Ang tariqa ay nagtuturo ng kagandahang asal at kagandahan. Ang liwanag ng Islam ay sumisikat dahil sa kanila. Pagkatapos ng Ottomans ay pinilit nilang sirain at buwagin an Islam. Nais nila itong tapusin.

Ito’y kanilang ginawa at ngayon ay sinusubukan na naman nilang sirain ang Islam. Nais nila ito atakihin sa bawat gilid. Allah (JJ) is with us. Ang Allah ang tumutulong sa atin In Sha Allah at kahit ang Shaytan ang kadahilanan ng pagsubok na ito. Malulugi ang mga alagad ng Shaytan.



**Sofibats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

Sinasabihan natin ang buong mundo ng Islam na wag lumayo sa Tariqa. Humanap sila ng totoong Shaykh at Murshid. Hanapin sila at mapunta sa tamang landa. Matuto ng tamang asal upang gumanda ang relasyon sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang Tariqa ay konektado sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Pag ika'y konektado sa Mundo ika'y mawawalan. Protektahan nawa tayo ng Allah. Tulungan nawa niya tayo. Punong puno na ng fitna pero salamat at andito pa rin ang Ottomans.

Ang mundo'y nanginginig sa pagsambit ng Ottomans at ang Mga Muslim ay sumasaya. Natatakot ang mga kalaban ng Islam. Sabihin mo ng tatlong beses ang "Ottomans" at titigil ang puso nila. Binigay sa Ottomans ng Allah ang ganitong karangalan, may pagmamahal sila sa Tariqa.

Ang Allah nawa ang ating maging katulong sa Oras na ito at paratingin nawa niya ang pinuno ng mga Muslim na si Imam Mahdi alayhis salam. Tayo'y naghihintay at In Sha Allah magkakaisa tayong lahat.

Hanggang sa di pa dumarating ang oras na iyo ay panalitiin niyong ligtas ang bansa. Magbalik sana sa mga masasamang loob ang kanilang kasamaan at ibalik nawa ng Allah sa kanila ang mga plano nilang kasamaan. Ang Allah ay ang tanging napakalakas at makapangyarihan sa lahat, Iligtas nawa tayo ng Allah In Sha Allah. Wa Minallah at-Tawfeeq.

7. Guides 8. Congregations 9. Fitna 10. Haybat

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil  
2 January 2016/22 Rabiul Awwal 1437  
Ayyub Sultan Dargah